REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

Note: Original given to the family of former Mayor

KAPASIYAHAN BILANG 58 58

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG DATING PUNONGBAYAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA NA SI KGG. BONIFACIO TICMAN.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, bilang dating Punong Bayan ng Bayan ng Muntinlupa ay naipagkaloob niya ang isang wagas, tapat at dalisay na pamamalakad at panunungkulan sa Pamahalaang Bayan upang maisaayos at maitaas ang antas ng pamumuhay ng bawat mamamayan;

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng Kgg. Bonifacio Ticman ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya at mga kaibigan kungdi na rin sa buong Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang Kgg. Bonifacio Ticman tulad ng isang ama ng tahanan ay naging haligi ng bayan na dapat tingilain ng mga namumuno sa bayan sa kanyang magandang pagsubaybay sa ikabubuti at ikauunlad ng bayan;

SAPAGKAT, bilang mga bumubuo ng Sangguniang Bayan ay minsan pa nating ipadama at ipakilala ang ating marubdob na pag-alala at pagmamahal sa yumaong dating Punong Bayan, kaibigan at ama ng Bayan ng Muntinlupa.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay taos-pusong nakikiramay sa mga naulila at bilang panghuling paggalang ay pinagkaisahan ng buong kapulungan na mag-alay ng koronang bulaklak, makipaglamay at sumama sa mga naulila sa paghahatid sa huling hantungan ng yumaong Kgg. Bonifacio Ticman, dating Punong Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINAGPASIYAHAN pang muli, na basahin ang kapasiyahang ito ni Kgg. Nemesio O. Mozo at pati na rin ang pagbibigay ng sipi nitong Kapasiyahan sa mga naulila.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan nitong ika-12 ng Oktubre, 1988 sa kanilang Tanging Pulong base sa mungkahi ni Kgg. Nemesio Mozo at pinangalawahan ni Kgg. Carlo G. Tensuan.

Kgg. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Kgg. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. REY L. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. LUCIO B.CONSTANTINO
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. CARLO G. TENGUAN
Konsehal

RRC:vts